

Simbolikong pag-aanyo ng siday sa pananagisag ng kultura at lipunang Waray

Galit, Gilbert C.✉

Leyte Normal University, Philippines (ggalit@lmu.edu.ph)

Received: 15 January 2023

Available Online: 31 May 2023

Revised: 20 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.2008

Accepted: 5 May 2023

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Literature, both a product of creative imagination and experiences is an ideal springboard for understanding cultural elements and social practices. At the current time where the influence of foreign cultures among Filipinos is increasing, colonial mentality has become a major issue that has caused a decline in the state of Filipino culture especially in the context of the present generation. Because of this, the research intends to analyze one of the main literatures of the Waray people – the *siday*, in order to describe existing cultures that are important in understanding and appreciating local knowledge, literature and culture. The focus of the study was to examine the linguistic structure of the *siday* specifically the use of symbolisms as basis in depicting Waray culture and society. This qualitative research employed a content analysis design that aimed to examine the patterns and interpretations of the used words in this literary works. Ten (10) *siday* were selected based on the suitability to the purpose of the study. Theming was utilized as a treatment for the data obtained from the analysis conducted. Based on the results, it was found that the use of symbolisms as basis in describing the Waray society which include history, love, tradition, culture, adventure, personality or identity, and social practices is common among the *siday*. Therefore, the research suggested the use of these local materials and other literary pieces as a springboard in academic discourse because of its rich portrayal about Waray culture. This is not only in response to the demand of the curriculum regarding contextualization but most importantly in promoting education based on the context of the Filipino culture. It may resolve the intellectual scarcity on local and regional culture and literature, and prevents the continued expansion of the influence of foreign culture among Filipinos which compromises the value of local culture and identity.

Keywords: simbolismo, siday, kultura, lipunang Waray

Simbolikong pag-aanyo ng siday sa pananagisag ng kultura at lipunang Waray

1. Introduction

Ang mga usapin sa kultura at pagpapahalagang Pilipino ay isang makabuluhan at napapanahong diskurso lalo na sa konteksto ng ika-21 siglong panahon. Sa K-12 kurikulum, isinulong hindi lamang ang sensitibidad sa kultura kung hindi ang pagpapaigting ng edukasyong nakasusunod sa pamantayang global. Ganoon pa man, ang pagpapakilala ng globalisasyon sa Pilipinas ay nagbukas ng mga pintuan para sa higit na impluwensyang kanluranin at nagdulot ng matinding epekto sa pagdeklayn ng kulturang Pilipino (Funtecha, 2009). Ang globalisasyon ay nagpapahiwatig ng pagtaas ng pangangailangan para sa higit na kooperasyong transnasyunal at pag-unawa, na tinatanggal ang mga hangganan ng mga bansa. Tinanggal nito ang mga milya na distansya sa pagitan ng mga bansa subalit naging daan din ito upang maimpluwensiyahan ang mga Pilipino ng banyagang kultura na naging palasak sa katawagang 'kaisipang kolonyal' (Yango, 2009).

Ang mga suliranin sa pagpapanumbalik ng kulturang Pilipino ay mauugat sa kakulangan sa kamalayang lokal. Ayon kay Royeca (2010), ang 'kaisipang kolonyal' ay ang kagustuhan para sa lahat ng mga bagay na dayuhan kaysa sa sarili. Dagdag pa niya, nakapipinsala ito sa kulturang Pilipino. Dahan-dahang pinapatay ng nasabing kaisipan ang ugnayan ng mga Pilipino na dating ipinagmamalaki. Kaya, ang hindi kanais-nais na pag-iisip na ito ay kailangang puksain dahil sa matinding epekto nito sa ekonomiya, kultura at panlipunan sa Pilipinas. Dagdag pa, binigyang-diin ni Gabornes (2016), na ang kultura ng Pilipinas, musika, panitikan at pelikula ay hindi napahalagahan. Ang mga silid-aklatan at tindahan ng libro ay puno ng mga aklat Amerikano at iba pang kanluraning bansa habang may kakulangan sa mga librong inilathala sa Tagalog at isinulat ng mga may-akdang Pilipino. Iginiit pa ni Ordoñez (binanggit ni Gabornes, 2016) na ang mga akdang Pilipino ay bihirang mabasa ng mga mag-aaral at guro dahil sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa mga kanluraning akda.

Paliwanag ni Lim (2014), unti-unti nang namamatay ang kultura ng Pilipinas. Ang kabataan sa kasalukuyang panahon ay wala ng pagpapahalaga para sa mga produkto at gawaing Pilipino. Ang sinasabing "colonial mentality" o ang kaugaliang pumapabor sa paggamit ng mga bagay na gawa ng mga dayuhan ay nagiging kanser na sa lipunan. Dahil dito, ang konsepto ng kamalayan at pagpapahalaga ay naisasawalang-bahala hindi lamang ng kasalukuyang henerasyon kung hindi sa mga susunod pang panahon dahil sa kawalan at/o kakulangan ng kaalaman sa rehiyonal na panitikan at kultura. Kaya naman, binigyang-diin ni Tenasas (2021), sa kaniyang panayam sa isinagawang palihan ng National Research Council of the Philippines na mahalagang maisanib ang konteksto ng pag-aaral ng sariling kultura at kasaysayan sa kurikulum ng pag-aaral upang maitaguyod ang pagkakakilanlan, kultura, at ang edukasyong maka-Pilipino.

Ang kalagayang kultural sa kasalukuyan ay nangangailangan ng pansin upang mailundo ang kamalayan sa sariling lipunan. Sa aspektong ito, binigyang-tuon ng pag-aaral ang papel ng panitikan sa muling pagbuhay sa mga limot na kasaysayan at praktikang panlipunan sa kabuoan. Ang panitikan na parehong naisusulat mula sa haraya at mga aktuwal na karanasan ng isang makata ay isang maganda at mapagkakatiwalaang lunsaran sa pag-unawa ng kasaysayan, kalagayan, mga pagpapahalaga, at mga praktikang panlipunan sa kabuoan. Ayon pa kay Camponanes (2009), ang panitikan ay sumasaklaw sa iba't ibang klase ng teksto, anyo ng panulat (genre), estilong paglikha, pamamahayag, at pag-akda. Hindi kalabisang masasabi na ito na lamang ang tanging sukatan ngayon para matawag at mapabilang na 'panitikan' ang isang piyesa. Ang isang akda o tradisyon ay ang kondisyong nakatitik/naisatitik na nagpapahayag ng masining at makabuluhang paggamit ng wika na may layong magpabatid, manghikayat, mang-aliw, at magturo gamit ang iba't ibang anyo ng wika. Samakatuwid, ang panitikan ay salamin ng lipunan, lundayan ng kasaysayan, kasangkapan ng karunungan at midyum ng pagpapahayag ng karanasan at/o damdamin.

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang mga *siday* bilang pangunahing subjek ng pag-aaral na pinagmulan ng

mga datos. Ang anyo ng panitikang ito ang naging pangunahing lunsaran ng pananaliksik upang makita ang mga nakapailalim na mga kaalaman tungkol sa lipunang *Waray* para sa pag-unawa at pagpapahalagang kultural, at higit sa lahat, maiugnay ito sa mga adhikaing edukasyonal upang maging bahagi ng delebering pangkurikulum upang maangat at maitaguyod ang pagkilala ng lipunan sa mga umiiral na mga praktikang kultural sa lipunang Pilipino.

Ang panitikan ng *Waray* ng Leyte sa Silangang Kabisayaan ay nagsimula bilang isang oral na tradisyon na tinawag ni Ong na "primary orality," iyon ay, malayo sa impluwensya ng kulturang naisusulat. Ayon kay Francisco Ignacio Alzina, isang Heswitang Espanyol, "Ang Panitikang Waray ay palasak na magmula pa noong Ikalabing pitong siglo." Nagsimula ito sa pre-Hispanic na panahon kung kailan karaniwan itong pasalita. Ang *sidai* (sinaunang baybay) ay kabilang sa pinakalumang naitalang Panulaang *Waray*. Ito ay isang pormulang pantula sa bibig na itinuturing na pinakamahirap sa lahat na buoin sapagkat ang sukat ay hindi regular at ang wika ay lubos na matalinghaga. Naglalaman ito ng pare-pareho at inuulit-ulit na napakahabang mga parirala, na kung saan, minsan ay tinitingnang nakasasawa (Tenasas, 2020). Ang *Winaray*, *Win-aray*, *Waray-Waray* o *Waray* (karaniwang binabaybay bilang *Waray*; tinutukoy din bilang *Winaray* o L(in)eyte-Samarnon) ay isang wika sa lalawigan ng Samar, Hilagang Samar, Silangang Samar, Leyte at Biliran. Ang mga *Waray* (tawag sa mga tao ng mga nasabing lugar) ay grupong etniko sa Pilipinas. Pangunahing hanapbuhay dito ang pagsasaka, pangingsida, paggawa ng banig at iba't ibang kagamitang yari sa abaka, kahoy at niyog.

Ang tula ang pangunahing uri ng panitikan ng mga *Waray*. Ang *siday*, na istandard na katawagang *Waray* para sa tula, ay ginagamit o binibigkas upang purihin ang kabayanihan ng mga ninuno, ang kagandahan ng isang babae, o ang katapangan ng isang mandirigma (Nivalbos, 2018). Taliwas sa literal na kahulugan ng salitang *waray* (wala sa Tagalog), ang "Panitikang Waray" kasama na ang panulaang *Waray* ay hindi maituturing na "panitikang wala." Ayon kay Santos (2013), mayroong mga tulang *Waray* na tinatawag ding *siday* na naisusulat at naitatanghal sa iba't ibang arena ng literatura. Ilang patunay dito ang mga antolohiya ng tula gaya ng *Waray Literature: An Anthology of Leyte-Samar Writings* ni Luangco at *Tinipigan: An Anthology of Waray Literature ni Sugbo*. Ito'y sa kabila ng ibinahagi ni Jose Duke Bagulaya sa paksang *Laughing at the World: Waray Literature's Struggle for Existence* na ang salitang *Waray* ay literal na nangangahulugang 'wala' at maaari ring sabihin na "Panitikang Wala." Bagamat, binigyang-diin ni Bagulaya na salat sa manunulat ang naturang wika, ito'y isa pa ring mahalagang patunay ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino dahil ang 'Panitikang Waray' ay isang panitikang magiliw – isang kilalang katangian ng mga Pilipino. Sa isang artikulo na may pamagat na *Pagkilalahan mga Waray nga Kultura*, tinukoy ang ilan sa mga tradisyon ng mga *Waray*. Ang ilan sa mga ito ay wala na, unti-unti nang nawawala at ang iba naman ay patuloy pa ring nakikita. Marami sa mga kulturang ito ay nakakabit sa kanilang sariling panitikan gaya ng mga dula at *siday*.

Naging makabuluhan at masusi ang pagpili sa *siday* sa konteksto ng kasalukuyang pananaliksik sapagkat nakita at napatunayan na mayaman at likas na katangian na ng *siday* ang maglarawan ng mga kaugalian, kultura, kasaysayan, praktika at gawi, damdamin at mayamang karanasan ng lipunang kinabibilangan. Sa inilathalang artikulo ni Silla (2008), kinilala ang ilan sa mga tradisyon ng mga *Waray* na ayon sa kaniya ay minana pa noong sinaunang panahon. Ang kanilang pagkahilig sa pulseras, lalong-lalo na ang ginto ay kapansin-pansin pa rin sa kasalukuyan. Ang mga *Waray* ay kilalang-kilala rin dahil sa kanilang husay sa paghabi ng banig; *tikug* ang kanilang pinakamagandang materyal, habang berde at *maroon* ang kilalang kulay. Ang ganoong mga paglalarawan ay lantad at kahalintulad sa mga pag-aaral at pagsusuri sa mga *siday* na ginawa nina Nivalbos (2018; 2019) at Balderian (2021).

Ang kasalukuyang literatura ay nagpakita ng mayamang paglalarawan hinggil sa katangian ng panitikan bilang mabisang lunsaran sa pag-unawa ng kultura at mga praktikang panlipunan. Ang mga naunang pag-aaral sa pagsusuri sa mga *siday* ay mabisang saligan upang maitatag ang pangangailangan ng kasalukuyang pananaliksik. Ganoon pa man, bagama't ang mga kaalamang ito ay nakatugon sa layunin ng pag-aaral, at sa pangangailangan ng pag-unawa sa mga kasangkot na baryabol ng pananaliksik, nakita na mahalagang bigyang-pansin ang panibagong direksiyon sa pagsusuri sa mga akdang ito. Sa kasalukuyang pag-aaral ay binigyang-pansin ang

pagsusuri bilang panimulang hakbang hindi lamang sa pagpapalutang ng mga nakapaloob na konteksto kung hindi bilang lunsaran sa pagpapanumbalik ng kamalayang kultural na isang nakababahalang penomenon sa kasalukuyan.

Kaya naman, sa pananaliksik na ito ay nakatuon ang pagsusuri sa gamit at pag-aanyo ng wika bilang paraan ng pananagisag sa kultura at lipunang *Waray*. Sa konsepto ng paglikha ng *siday* at akademikong pagsusuri, hindi maikakaila ang malalim na ugnayan ng mga elementong kasangkot sa pag-akda ng ano mang panitikan sa ano mang *genre* nito. Ang mga sangkap ng isang akda na kasangkot sa pagsulat ng isang obra ay magkabit sa mga hangarin at tunguhin ng may-akda upang mailarawan ang isang kaganapang natatangi, mga buhay na karanasan at pakikipagsapalaran, mga gawi, kaisipan at damdamin, kasaysayan, kultura at ibang saligang panlipunan. Ang paraan o estilo ng makata, ang wika, ang pananagisag (simbolismo), at pagpapangibabaw sa subjek ng akda ay isang tiyak na hanguan upang maunawaan ang nakapaloob na mensahe ng nasabing obra.

2. Saligang Teoretikal

Inilahad sa bahaging ito ang mga batayang teoretikal na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay naitatag ng pag-aaral ang ugnayan ng mga baryabol ng pag-aaral at ang kahalagahan nito bilang pangunahing input ng papel.

Structuralism Theory (Claude Levi-Strauss). Sa teoryang ito inilalahad ang natatanging pagganap ng wika sa paglalarawan ng mga kaisipan, damdamin, ekspresyon at mga karanasan ng isang tao. Gaya ni Plato, binigyang-diin ni Saussure ang mga kumakatawan (ang wika, marka at mga simbolo) bilang arbitraryong di-ugnay sa mga konsepto nito. Sa saklaw ng paggamit ng mga simbolong ito, ang pagpapakahulugan ay nakaugat sa sistema ng pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga yunit ng isang wika. Ang mga naturang kahulugan ay di-gaanong pokus at interes kumpara sa mga nakapailalim na estruktura at kahalagahan na nagbibigay ng sarili nitong kahulugan. Madalas, ito'y nauuri bilang tuon sa "wika." Pinagtibay ang `di matatawarang ugnayan ng kultura at wika sa "Sapir-Whorf hypothesis" na kombinasyong konseptong linguistic determinism na nagsasaad na hinuhubog ng wika ang paraan ng ating pag-iisip (Amat, 2020).

Nailalapat ang konsepto ng nasabing teorya sapagkat binibigyang-tuon ng pag-aaral ang natatanging pagganap ng wika sa proseso ng pag-unawa sa mga sangkap ng *siday*. Ang paggamit ng mga simbolismo at paaraan ng pagsulat ay kumakatawan sa kung paano inilalarawan ang mga aktuwal na kultura ng tukoy na lipunan sa mga akdang *siday*. Ang kahalagahan ng paggamit ng tanging wika ay panimulang hakbang tungo sa pag-unawa ng mag-aaral sa konteksto ng kulturang Pilipino.

Cultural Relativism (Cole, 2019). Ang teoryang ito ay tumutukoy sa ideya na ang mga pagpapahalaga, kaalaman, at pag-uugali ng mga tao ay dapat na maunawaan sa loob ng kanilang sariling kontekstong pangkultura. Ito ang isa sa pinakapangunahing konsepto sa sosyolohiya, dahil kinikilala at kinukumpirma nito ang mga koneksyon sa pagitan ng mas malaking estrukturang panlipunan at mga ganap sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao.

Sa pamamagitan ng teorya ay naiuugnay ang natatanging kontekstong kultural ng tiyak na pangkat sa pag-unawa at pakikipag-ugayan sa lipunan na nagbubunsod ng malawak na pag-unawa sa konteksto ng kulturang Pilipino sa kabuoan. Dito ay nailalahad ang magkakauugnay na gawi na nakatutulong upang maging malay ang isang indibiduwal sa pagganap ng mga tungkuling may kinalaman sa paggalang, pagpapahalaga. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang teorya ay nakatuon sa pagtugon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto sa sariling kultura na magdadala sa mas malawak na pagtingin sa kulturang Pilipino.

Socioculturalism (Vygotsky, 1978). Ang teoryang sosyo-kultural ng pagkatuto at pagtuturo ay malawak na kinikilala sa mga larangan ng sikolohiya sa edukasyon at teknolohiyang panturo. Ang pokus ng teoryang ito ay ang papel na ginagampanan ng pakikipag-ugnay sa lipunan at kultura sa pagpapaunlad ng mga kasanayang pag-iisip. Si Vygotsky, isang sikologo sa Russia at nagtatag ng teoryang sosyo-kultural, ay naniniwala na ang

pag-unlad at pag-aaral ng tao ay nagmula sa pakikipag-ugnay sa lipunan at kultura. Sa madaling salita, ang mga paraan ng pakikipag-ugnay ng mga tao sa iba at ang kultura kung saan sila nakatira ay humuhubog sa kanilang mga kakayahan sa pag-iisip.

Ang teoryang Socioculturalism ay itinuturing na pangunahin na isang teorya sa pag-unlad. Nakatuon ito sa pagbabago ng pag-uugali sa paglipas ng panahon, partikular sa mga pagbabagong ito sa isang indibiduwal ay mula sa pagkabata, hanggang sa pagtanda. Sinusubukan ng teorya na ipaliwanag ang mga hindi nakikitang proseso ng pag-unlad ng kaisipan, ng wika, at ng mga kasanayang pag-iisip na may mas mataas na kaayusan na may implikasyon sa edukasyon sa pangkalahatan at lalo na pinahahalagahan sa larangan ng applied linguistics. Ang pagtuon ng teorya sa isang umuunlad na bata ay ang dahilan para sa pagsangguni sa pagtalakay sa mga saligang teoretikal ng isang teksto. Ganoon pa man, dahil sa maraming implikasyon at praktikal na aplikasyon na nauugnay sa teorya, ito ay nailalapat sa aspekto ng kontektuwalisasyon at pagpoproseso ng guro sa pagbibigay instruksiyon at talakay sa nilalaman na pinag-aaralan. Sa kasalukuyang pag-aaral ang tuon ay nasa pagtuturo ng Filipino na nakatuon sa kontekstong kultural.

2.1 Layunin ng Pag-aaral

Nilayon ng kasalukuyang pag-aaral na masuri ang mga *siday* batay sa mga nakapaloob na kulturang Waray. Binigyang-pansin sa pagsusuri ang paggamit ng mga simbolismo sa pag-akda ng *siday* bilang paraan ng pananagisag ng kultura at lipunang Waray.

3. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral na ginamitan ng pamaraang “content analysis.” Ayon kay Lou (2019), ang *content analysis* o ang pagsusuri sa nilalaman ay isang paraan ng pagsasaliksik na ginagamit upang matukoy ang mga patern at pagpapakahulugan sa paggamit ng mga salita sa mga naitalang dokumento at/o komunikasyon. Ang pagsusuri sa nilalaman ay ginagamit upang mabilang ang paglitaw ng ilang mga salita, parirala, paksa o konsepto sa isang hanay ng mga makasaysayan o napapanahong teksto. Binigyang katibayan ang pananaliksik na ito sa tulong ng mga kaugnay na babasahin at pag-aaral. Ito rin ay pagsusuri sa pamamagitan ng pagpapakahulugan sa akdang pampanitikan na ang tuon ng pagsusuri ay nakabatay sa mga teoryang *structuralism*, *cultural relativism* at *socioculturalism*. Sampung (10) *siday* ang ginamit sa pag-aaral na ito na pinili batay sa pagsasaalang-alang sa: (1) Kaligirang literari; (2) Awtor at pinagmulan; at (3) Nilalaman at paglalarawan. Ang mga ginamit na *siday* ay ang sumusunod: “*Kahuman hin Kalakat*” ni Dominador Pagliawan; “*An Waray*” ni Ma. Belinda Lora; “*Iglalara ta Ikaw hin Banig*”, “*Daman*”, “*Banabana*”, at “*Dalan nga Langitnon*” ni Victor N. Sugbo; at “*Paglaba*”, “*An Maupay ha mga Waray*”, “*Nakausa*”, at “*Hi Uday*” ni Voltaire Q. Oyzon. Mahalagang isinaalang-alang din sa pag-aaral na ito ang pagtiyak sa mga etikal na pamantayan kagaya ng paghingi ng konsent sa mga may-akda, pagkilala sa lahat ng pinaghanguan o ginamit na sanggunian, at pagtiyak sa tapat at obhektibong pagtingin sa datos ng pag-aaral. Sa pananaliksik na ito, ginamit ang paraan ng pagtetema at/o pagkokowd bilang tritment sa mga datos na nakuha mula sa isinagawang pagsusuri. Ayon kay Gibbs (2012), ang pagtetema at/o pagkokowd ay isang paraan kung paano tinutukoy ang datos na pinag-aaralan. Nagsasangkot ito ng pagkilala at pagtatala ng isa o higit pang mga sipi ng teksto o iba pang mga aytem sa datos tulad ng mga bahagi ng isang teksto na sa ilang mga kahulugan, ay nagpapakita ng pagkakatulad at parehong teoretikal at deskriptibong ideya. Ginamit ng mananaliksik ang paraang ito upang organisahin ang mga datos na nakuha mula sa isinagawang pagsusuri sa mga *siday* at mabigyan ng angkop na tapat na interpretasyon.

4. Resulta at Pagtalakay

Ipinakita ng Talanayan 1 ang naging resulta ng pagsusuri sa mga *siday* partikular sa pagtukoy sa mga nakapaloob na simbolismo. Sa malikhaing pagsulat, ang paggamit ng simbolismo ay naghihikayat ng iba't ibang antas ng pag-unawa at nakatutulong sa pagtugon sa puwang ng mga literal na pagpapakahulugan (Uy, 2021). Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang pagtukoy sa simbolismo ay pag-unawa sa sining ng paggamit ng wika

sa pagbibigay-ano sa ano mang pangkalahatang representasyon ng identidad ng target na kultura, kasaysayan, gawi at pamumuhay sa pamamagitan ng pagbibigay-buhay sa wika gamit ang kinakatawan at kumakatawan nito. Isang magandang lunsaran sa pagsasalaysay ng isang kultura ang paggamit ng mga representasyon. Sa mga sinuring siday, lumutang ang sumusunod na simbolismo:

Talahanayan 1

Mga Symbolismong Nakapaloob sa mga Sinuring Siday

Pamagat ng Siday	Kumakatawan	Simbolismo	Linya/Saknong
<i>Kahuman hin Kalakat</i> (Pagkatapos ng Pag-alis) -D. Pagliawan	<i>Nalakat</i> (Umaalis)	Paglalarawan sa buhay ng pamilyang <i>Waray</i> Paglalakbay at/o pakikipagsapalaran.	<i>Nalakat hi tatay nga alat, bolo ngan sundang it dara – Nalakat hi nanay na sabon, timba, at labahan ang dala – Nalakat hi Iday na pulbo, lipstick ngan ispiho it' dara –</i>
<i>An Waray</i> (Ang Waray) -M. B. Lora	<i>Dagko an Tingog</i> (malalakas na boses) <i>Aminudo</i> (kultural na sayaw ng mga waray/kuracha)	Pagiging matapang at natural na malakas na boses bilang pangunahing katangian ng mga <i>Waray</i> . Pagiging magiliw ng mga <i>Waray</i> at pagkahilig sa sayawan.	<i>An Waray, mag-isog daw, dagko an tingog, Mag-ilob hin agway.</i> <i>makisasayawon, bisan kinudal la may aminudo, makikisangkayon</i>
<i>Iglalara ta Ikaw hin Banig</i> (Ihahabi kita ng Banig) -V.N. Sugbo	<i>Banig</i> (<i>Banig</i>)	Pagkakaiba-iba ng mga <i>Waray</i> sa pagkakakilanlan at kultura.	<i>Iglalara ta ikaw hin banig Mga tingog hinakop ha mga hanang Hinin amon hinkalimtan na nga bungto</i>
<i>Daman</i> (Naman) -V.N. Sugbo	<i>Panug-ab ngan panhukab</i> (pagdighay)	Kaugalian na pagpapakita ng simpleng pamumuhay ng mga <i>Waray</i> .	<i>Marasa an tanan kay durungan An panug-ab pati panhukab.</i>
<i>Banabana</i> (Palagay) -V.N. Sugbo	<i>Tuba</i> (coconut wine)	Pagiging matapang at pagkakaroon ng lakas ng loob.	<i>Ngan usa ka dama hin tuba Para madaog inin kahadlok.</i>
<i>Dalan nga Langiton</i> (Ang Daan ng Kabanalan) -V.N. Sugbo	<i>Susmariahosep</i> (Ekspresyong Panlipunan)	Pagiging relehiyoso at madasalin ng mga <i>Waray</i> .	<i>An dalan nga langitnon Ira sinisimba, pinanginginyupo Ira hinihisusmariahosep.</i>
<i>Paglaba</i> (Paglaba) -V.Q. Oyzon	<i>Bunakan</i> (labahan)	Pagiging manimdimin sa mga aala-ala at pagiging maalagain ng mga <i>Waray</i> .	<i>Samtang pinanmamalaypay ko an magbusag-busag ko nga binunakan – nangalimwag an alimyon han imo panapton – may pag-iliw nga umalop ha akon dughan.</i>
<i>An Maupay han mga Waray</i> (Ang Maganda sa mga Waray) -V.Q. Oyzon	<i>medyahan</i> (kalahating galon: kadalasang lalagyan ng <i>tuba</i>)	Pagiging mapagtimpi ng mga <i>Waray</i> .	<i>Kun hinuhubsan inin akon dughan sugad hiton medyahan, dayon ko inaalagan didto kanda Mana Semang</i>
<i>Nakausa</i> (Isang Araw) - V.Q. Oyzon	<i>Paaliday</i> (mga kuwento/kasabihan)	Pagpapanitili sa mga nakasanayang sinaunang kaugalian ng mga <i>Waray</i> .	<i>Nakausa, didto han akon panhayhay han mga naglabay ha balay ako naghingaday bahin mga paaliday:</i>
<i>Hi Uday</i> (Si Uday) -V.Q. Oyzon	<i>Langsa</i> (malansang amoy ng isda) <i>Lusak</i> (putik)	Pangngisda at Pagsasaka bilang Pangunahing hanapbuhay.	<i>Na diri ak' han langsa... Na diri ak' han lusak...</i>

Nalakat (Umaalis). Ang lakad sa kontekstuwal na pag-unawa ay kilos ng paggalaw mula sa isang posisyon patungo sa isang partikular na direksiyon. Sa konteksto ng pag-aaral, ang salitang ito ay paglalarawan sa karaniwang buhay o pamumuhay ng mga *Waray* at ang mga natatanging pagganap ng mga karakter sa *siday* batay sa inaasahang gampanin nito. Ginamit ang salitang *lakat* upang ipakita ang karaniwang mga pangyayari sa buhay ng mga *Waray*. Ang buhay ng isang ordinaryong ama, ina at karaniwang kinahihitnan ng anak na babae. Sa mas malalim na pag-unawa sa mga gampaning ito, inilarawan sa *siday* ang karaniwang pakikipagsapalaran ng isang

ama. Bilang pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay, naging natural na sa mga *Waray* ang araw-araw na pakikipagsapalaran sa buhay upang maitaguyod ang pamilya. Sa paglalarawan ng may-akda sa unang saknong ng siday:

Nalakat hi tatay nga alat, bolo, ngan sundang it dara – Pag-uli may hikaraon.
- D. Pagliawan

(Aalis si tatay na alat bolo, at itak ang dala – pag-uwi, may dalang pagkain)

Sa mga linyang ito, ipinakikita ng may-akda ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga *Waraynon*. Naging bahagi na ng ordinaryong rotin ang maagang pag-alis ng ama sa bahay patungong bukid upang magsaka nang sa ganoon ay may maipakain sa pamilya. Ang mga bagay na binanggit sa tula kagaya ng *alat, bolo*, at *sundang* ay mga kasangkapang pambukid na kadalasang ginagamit sa pagsasaka. Ito ay maaaring maiugnay sa mga dahilan at inspirasyon ng persona na maging malakas at pursigido.

Dagdag pa, inilarawan din ng may-akda ang isa pang natatanging praktikang pampamilya ng mga *Waray* hinggil sa pag-alis ng anak sa kanilang tahanan upang makipagsapalaran subalit sa huli ay humantong lamang sa mas nakababahalang suliraning panlipunan. Naging kaugalian na ng mga *Waray* na mangibang-bayan upang magtrabaho o manilbilhan. Ayon kay Hosoda (2019), nangingibang-bayan ang mga *Waray* upang maghanap ng suwerte, at upang sa kanilang pagbalik ay maibahagi sa kanilang pamilya at iba pang kaanak ang natamong biyaya. Ang ganitong kaugalian ng mga *Waray* ay naging palasak dahil sa paniniwalang ang pakikipagsapalaran sa Maynila ay makatutulong upang maibsan ang kahirapang nararanasan ng buong pamilya. Ayon na rin sa paglalarawan ng may-akda, ang karaniwang pakikipagsapalaran ay nauwi sa pagkakaroon ng anak na ipinakita sa huling saknong ng siday:

Nalakat hi Inday nga pulbo, lipstick, ngan ispiho it' dara – pag-uuli may puya nga lilibangon
-D. Pagliawan

(Aalis si Inday na pulbo, lipstick, at salamin ang dala – pag-uwi may sanggol na aalagaan)

Dagko an Tingog (malalakas ang boses). Kilala ang mga *Waray* sa katangiang *maisog* (matapang). Sa sinuring tula na “*An Waray*” ipinakita ng may-akda ang isa sa mga natatanging kaugaliang *Waray* na maaaring ugatin sa pamamagitan ng pagtingin sa kultura at wika ng mga *Waraynon*. Ayon kay Taylan et al. (2019), ang kultura at wika ay magkabuhol dahil sinasalamin nito ang paraan ng pamumuhay ng mga tao. Nahihinuha ang kulturang kinabibilangan ng mga tao sa kanilang wikang ginagamit.

Ang paglalarawan ng may-akda ay pagpapakilala sa mga *Waray* bilang matatapang na tao ay kadalasan na isang kalabisan sa pagtingin sa kabuoang katangian ng mga ito. “*An mga Waray, Mag-isog!*” ay literal na paglalarawan bilang matatapang na tao na isang estereotipo sa kasalukuyang henerasyon sa mga naninirahan sa Silangang Visayas. Ang katapangan bilang isang ideyalistikong katangian ay maaari ring tingan sa personal na lebel na pagpapahalaga. Sa kasalukuyan ang ganitong ideolohiya ay nagbago at nahaluan ng negatibong pananaw kapag ikinakabit sa mga tao sa isla ng Leyte at Samar. Paliwanag ni de Cadiz (2014), ang ganoong negatibong pananaw hinggil sa konseptuwal na katangian ng pagiging matapang ay maaaring nakuha mula sa konseptuwal na kahulugan ng wika sa orihinal nitong anyo sa wikang Griyego na “*barbaros*” na ang ibig sabihin ay dayuhan, ignorante at hindi sibilisado, habang sa wikang Ingles naman ay kawalang-galang at matinding kalupitan.

Sa konteksto ng pag-unawa sa katangiang ito gamit ang lente ng wika, ang hindi wastong pagbigkas, mataas na impit/diin na paraan ng pagsasalita at maling gramatika ng paggamit ng diyalektong Tagalog ng mga *Waray* ay hindi dapat ipakahulugan bilang bastos at hindi sibilisado. Sa katunayan, ayon pa rin kay de Cadiz, ang natatanging katangian sa paggamit ng wika ay dapat na ipagmalaki sapagkat ang dinamiko at paglaganap nito ay tanda ng pagbabagong-buhay na kultura.

Aminudo (Panlipunang sayaw ng mga Waray/Kuracha). Ang *aminudo* ay isang panlipunan at kultural na sayaw ng mga Waray na kadalasang itinatanghal sa mga piyesta, kaarawan, kasalan, mga pagtitipong pampamilya at iba pang mga espesyal na okasyon. Ang simbolismong ito ay paglalarawan sa natural na katangiang waray hinggil sa pagkahilig sa mga sayawan tuwing may selebrasyon, pagdiriwang, at kasiyahan gaya ng makikita sa unang apat (4) na linya ng ikalawang saknong (2) ng *siday*:

Pero an tinuod, an Waray Mananong, mabuliganon, Makisasayawon, bisan kinudal la May aminudo, makisasangkayon -M.B. Lora

(Pero ang totoo, kahit Ano pa man, matulungin mahilig sa sayawan, kahit binakuran lang Kapag may aminudo, palakaibiga)

Ginamit ng may-akda ang salitang *aminudo* upang kumatawan sa isa sa mga natatanging katangian ng mga Waray – ang pagkahilig sa sayawan. Ang paggamit ng wika ay isang paraan upang ipakilala at itanghal sa mga mambabasa na higit pa man sa mga negatibong nosyon mayroon ang ibang tao tungkol sa mga Waray, may isang katangiang kumakatawan sa pangkat na ito ng pagiging magiliw, palakaibigan, matulungin at masayahin. Sa katunayan ayon sa Ethnic Group of the Philippines (2021), karaniwan ng bahagi ng selebrasyon ng mga Waray ang pagsasayaw at isa na rito ang pinakapopular na *kuracha*. Dagdag pa, ang mga Waray ay nagdiriwang ng marami at iba't ibang *festivals* na nasasangkot ang pagsasayaw hinggil sa paggunita sa mahahalagang pangyayari sa kasaysayan at pagpapakita na rin ng malalim na pananampalataya. Ang tradisyong ito ay matutunton noon pang mga panahon ng pre-kolonyal, katulad ng mga paniniwala at iba pang *folklore* ng mga Waray. Sa gawing ito hindi lamang naipakikita ng mga Waray ang kanilang pagkagiliw kung hindi ang pagpapahalaga at patuloy na pagbuhay sa mayamang kultura ng mga Waray.

Banig. Ang *banig* ay isa mga pangunahing produktong agrikultural ng mga Waray partikular sa bayan ng Basey, Samar. Ito ay isang produkto mula sa *tikog*, isang halamang tambo na tumutubo sa kagubatan at palayan. Ang mga tangkay nito ay pinatuyo, piniit pagkatapos ay kinulayan upang ihabi at makagawa ng isang *banig*. Ang *banig* ay kadalasang ginagamit bilang pansapin sa higaa ngunit higit pa rito ay ang potensiyal ng materyal bilang produktong pangkabuhayan. Ang paggawa ng mga produkto ng banig ay malawak sa sining at *handicraft*. Hindi lamang limitado ang produksiyon nito sa *banig* kung hindi maging sa iba pang produkto kagaya ng bag, sombrero, mga aksesorya at dekorasyong pantahanan.

Sa *siday* na *Iglalara ta Ikaw hin Banig*, inilarawan ng may-akda ang dibersidad at makulay na pagkakaiba-iba ng kultura at gawing panlipunan ng mga Waray. Ang paggamit ng may-akda sa salitang *banig* ay representasyon at pagsasakatawan sa kolektibong anyo ng lipunang Waray mula sa pinagsama-samang identidad ng mga Waray sa iba't ibang bahagi ng kapuluan nito. Gaya ng *banig* na hinabi mula sa makulay na pira-pirasong *tikog*, naipakikita sa tulang ito ang naturalistang pagtingin sa kasaysayan at kabuoan ng kulturang Waray. Ang pagkakaiba-iba ng mga Waray ayon sa nakasanayang mga praktikang panlipunan ay tila isang *tikog* na kapag pinagsasama-sama ay bumubuo ng isang makulay na *banig*. Makikita sa huling saknong ng *siday*:

Dagko nga bungto, Catbalogan, Calbayog, Catarman, Calbiga, Borongan, Balangiga ug Guiuan. Tatahi-on ko hin dulaw, pula ug rosa, Basi hisabtan nga ini permi mo binibisita. -V.N. Sugbo

(Malalaking bayan, Catbalogan, Calbayog, Catarman, Calbiga, Borongan, Balangiga at Guiuan. Hahabiin ko ng dilaw, pula at kulay rosa, Para iyong malaman na ito'y lagi mong Binibisita)

Sa mga nabanggit na linya, mahihinuhang ang kulturang Waray ay habi mula sa magkakaibang bahagi ng isla. Sa pagsusuri ni Nivalbos (2018) sa mga akdang pampanitikang Waray mula sa mga akda ng mga *paragsiday* (manunulat ng tula) naipakita na ang bawat bayan na pinagmulan ng akda ay nagtataglay ng kaniya-kaniyang pagpapahalaga na sumasalamin sa kultura ng mga tao sa lugar. Ito ay pagpapatibay lamang na bagama't iisa at kolektibo ang identidad na ikinakabit sa lahing ito, kung dadalumatina kagaya ng isang *banig*, ito ay piraso-pirasong kulay na pinagsama-sama upang kumatawan sa kabuoan ng lahing Waray. Ang

pagkakaiba-iba ay indikasyon lamang ng buhay na lipunan at kultura. Inihayag nina Phillips at Reus-Smit (2020), na nasa loob ng pagkakaiba-iba makikita ang kagandahan. Ang pagkakaiba-iba ng kultura ay may pakinabang sa lahat hindi lamang sa aspektong pang-edukasyon at propesyonal na kapaligiran, kung hindi sa mas mahusay na paglutas ng suliranin, higit na empatiya at pagdamay at mas malalim na pag-unawa sa magkakaibang pananaw.

Panug-ab ngan panhukab (Pagdighay). Sa *siday* na *Daman*, ginamit ng may-akda ang salitang *panug-ab* at *panhukab* bilang representasyon sa isa sa mga kaugaliang *Waray* hinggil sa pagiging simple o ordinaryo at mapagpahalaga (appreciative). Ang pagdighay ay isang paraan ng pagpapalabas ng hangin mula sa tiyan sa pamamagitan ng malakas na tinig ng pagbuga. Kadalasan itong nangyayari kapag busog ang isang tao.

Sa *siday* na ito, ang paggamit sa salita ay paglalarawan sa simpleng pamumuhay ng mga *Waray* at ang kaugaliang magpahayag ng pasasalamat at pagpapahalaga sa inihaing pagkain. Sa konteksto ng kulturang *Waray*, ang kilos na ito ay pagpapahiwatig ng pagkabusog at pagpapahayag na masarap ang pinagsaluhang pagkain. Makikita sa *siday* ang mga linyang:

Waray pa. hulat-hulat la, Kay di maiha aadto na kita, Pagtarangka naton ha pangaonan. Bisan di man sakto ha aton an pinaksiw, Nga Sagisi-on ngan bahaw an kan-on, Marasa an tanan kay durungan an panug-ab pati an panhukab.
-V.N. Sugbo

(Wala pa. Hintay lang, 'di magtatagal tayo ay tutungo na. Sama-sama tayo sa hapag-kainan, Kahit na ang "paksiw" ay 'di kasya, sa atin at ang kanin ay malamig pa masarap pa rin dahil sabay-sabay tayong didighay)

Dito ay inilarawan ng may-akda ang payak na pamumuhay ng mga *Waray* sa pamamagitan ng mga representasyon kagaya ng *pinaksiw na sagisi-on* (uri ng isda) at *bahaw na kan-on* (tirang kanin) upang ipakita ang pangkaraniwang pamumuhay ng mga *Waray*. Subalit sa kabila nito, nananatili ang pagiging mapagpahalaga ng mga *Waray*. Sa mga sumunod na linya, ipinakita ng may-akda na bagaman kulang at payak, masaya pa rin ang persona ng *siday* dahil sa sama-sama sila sa hapag-kainan at ang pagdighay na kilos ng persona ay pagpapakita ng natukoy na kaugalian.

Sa konteksto ng kulturang Pilipino ang pagdighay ay isang positibong gawi. Ayon kay Lezama (2019), ang pagdighay sa publiko pagkatapos kumain ay itinuturing ng maraming Pilipino bilang isang positibong bagay, dahil ito ay nagpapahiwatig o senyales na ikaw ay masaya sa pagkaing nakahain. Ganoon pa man, ang dibersidad ng kultura ay nanatili. Sa konteksto ng multikulturalismo, ang pagdighay sa kulturang Amerikano ay ipinapagpalagay na kawalang-galang at kabastusan. Ang ganitong konteksto ay salungat naman sa kultura ng Tsina at Japan. Sa mga instsik, ang pagdighay ay isang komplemento na masarap ang inihaing pagkain na maihahalintulad din sa kultura ng mga hapon (Nelson, 2021).

Tuba (coconut wine). Ang *tuba* ay isang inuming nakalalasing mula sa katas ng bulaklak ng niyog o nipa. Sa Kabisayaan, "manananggot," o "mananggete," ang tawag sa mga taong nangongolekta ng ganitong katas. Sa paggawa nito, pinuputol ang bulaklak ng niyog o nipa at mula sa sanga ng bulaklak na ito ay dumadaloy ang katas na siya sanang magbibigay ng sustansiya sa mga mabubuong bunga. Nasa isa hanggang dalawang litrong katas ang nakukuha mula sa isang sanga ng bulaklak ng niyog kada araw. Sa rehiyon ng Samar at Leyte, ginagawa ang *tuba* sa pamamagitan ng paghahalo ng katas ng niyog sa *barok*, ang mapula-pulang balat ng puno ng bakawan. Ang *barok* ay hindi lamang nagbibigay ng mamula-mulang kulay, ngunit pinipigilan din nito ang pag-asim ng katas ng niyog at pinabubuti ang proseso ng pagbuburo (fermentation). Ang *tuba* ay pinaasim ng hanggang tatlong taon na tinatawag na *bahal*, may ilan ding mga gumagawa ng *tuba* na nagbuburo nang hanggang 10 taon upang mapanatili itong mas matapang at may mas mataas na kontent ng alkohol.

Sa *siday* na *Banabana*, ang *tuba* ay ginamit ng may-akda upang kumatawan sa katangian ng pagiging matatag ng mga *Waray*. Kagaya ng paggawa ng *tuba*, ang kaugaliang *Waray* ay maihahalintulad din dito na dumaan sa rigorosong proseso upang maging solido, matapang, at matatag. Ang prosesong ito ang humubog

upang humantong sa isang de-kalidad na produkto. Mas matagal na pagbuburo, mas angat ang kalidad. Inilarawan ng may-akda ang katangian ito sa mga linyang:

Para maabot an pungkay han Amendewing, Tulo ka adlaw an pagsinaka
-V.N. Sugbo

(Para maabot ang tuktok ng Amendewing, Tatlong araw ang pag-akyat)

Para dumangat ha kataisan hiton sapa han Tangnan Usa ka kulop nga pagbinugsay
-V.N. Sugbo

(Para marating ang dulo ng sapa ng Tangnan Isang buong araw na pagsagwan)

Makikita sa mga linyang ito ang pagsasakatawan ng may-akda sa pinagdadaanang proseso o pagsubok bago marating o makamit ng persona ng akda ang kaniyang mga nais. Ang pagdaan sa prosesong ito ay bahagi ng paghubog sa matatag na katangian ng isang tao. Kagaya ng proseso sa paggawa ng *tuba*, ang mga *Waray* na dumaan sa maraming pagsubok at kalamidad ay mailalarawan na matatag at matatapang na mga tao – katangiang palasak sa lahing *Waray*. Ayon pa kay Go (2016), ang mga *Waray* ay walang inaatrasan, at hindi kailanman umaatras sa ano mang bagay. Katangiang nagamit ng mga *Waray* lalo na sa pagbangon sa mga kalamidad at pagsubok na dumating. Sa kaniyang isinagawang pag-aaral, natukoy na isa sa mga naging paraan ng pagbangon ng mga kababaihang *Waray* na biktima ng daluyong dulot *super typhoon* “Yolanda” ay katangaing natukoy. Bagay na nagpapatibay na ang likas sa mga *Waray* ang katangian ng pagiging matatag na siyang tangkang inilarawan ng akda.

Susmariahosep (ekspresyong panlipunan). Ang salitang “susmariahosep” ay ekspresyong lokal na palasak hindi lamang sa mga *Waray* kung hindi maging sa kabuonan ng lipunang Pilipino. Ito ay isang kolokyal na salita mula sa mga pinagsamang pangalan nina Hesus, Maria at Joseph. Kadalasan itong ginagamit kapag napapabulalas dulot ng pagkabigla, pagtataka, pagkamangha, o lubos na hindi paniniwala. Katumbas din nito ang salitang “oh, my god!” sa Ingles.

Sa *siday* na *Dalan nga Langitnon*, ginamit ng may-akda ang ekspresyong “susmariahosep” upang ilarawan ang pagiging relihiyoso ng mga *Waray*. Ang paniniwala at pananalig ng mga *Waray* ay naipakikita hindi lamang sa paraan ng debosyon kung hindi maging sa mga umiiral na tradisyon at gawi ng lipunang *Waray*. Makikita sa mga linya ng *siday* ang ilan sa mga paglalarawang ito:

Nagsasantos hi Philomena, Nagsasantos hi Clara, An dalan nga langitnon, Ira sinisimba,
pinangangamuyo, Ira hinihisusmariahosep.
-V.N. Sugbo

(Nagpapakabanal si Philomena, Nagpapakabanal si Clara, Ang daan ng kabanalan, Kanilang sinisimba, pinanalangin, Kanilang hinihisusmariahusep)

Binanggit ni Glenn (2016) sa kaniyang artikulo na ang mga *Waray* ay isa sa mga pinakarelihiyoso sa Pilipinas. Halos lahat ng *Waray* ay kabilang sa Romano Katolisismo, ang pinakamalaking denominasyong Kristiyano sa buong mundo. Ang relihiyosong debosyon na ito ng mga *Waray* ay kitang-kita sa kanilang mga pagdiriwang tulad ng mga kapistahan na nagpaparangal sa kanilang mga patron, Santacruzang at marami pang iba.

Gaya ng nabanggit, ang mga *Waray* ay nagsasagawa ng maraming mga pagdiriwang bilang paggunita sa mahahalagang pangyayari sa kasaysayan at pagpapakita ng kabanalan sa relihiyon, ilan sa mga sikat na pagdiriwang na ito ay ang sumusunod: “Homonhon Landing” tuwing Marso 16 sa Homonhon, Eastern Samar, na ipinagdiriwang sa pamamagitan ng *reenactment* ng paglapag ni Ferdinand Magellan sa Pilipinas noong 1521; Karayapan Festival, isang selebrasyon na parehong pasasalamat sa patron ng mga taga-Guiuan, ang Mahal na

Birheng Ina, at isang paglalarawan ng pagtatamasa ng unang bahagi ng Guiuan Townsfolk sa kanilang mga biyaya ng kalikasan, mayamang buhay-dagat, mayamang lupain at luntiang kagubatan; Padul-ong Festival, na ipinagdiriwang tuwing Setyembre 7, na nagpapakita ng gawa-gawang paraan na misteryosong dinala ang imahen ng Mahal na Birhen na orihinal na mula sa Portugal sa Borongan, at kung paano ito kumokonekta sa 'Lady in White' na ginawang milagro ang tubig ng Hamorawon Spring sa pamamagitan ng paggamit nito upang pagalingin ang mga lokal; at ang "Balangiga Incident" na ipinagdiriwang tuwing Setyembre 21, na nagpapaalala sa mga Waray ng paghahangad ng mga Pilipino para sa kalayaan sa pamamagitan ng *parade commemoration* ng Philippine-American encounter noong 1901 (Ethnic Group of the Philippines, 2021). Ang mga nabanggit na mga gawing panlipunang ay ilan lamang sa pagpapatibay sa pagkakaroon ng malalim na pagpapahalaga sa relihiyon at paniniwala ng mga Waray.

Bunakan (labahan). Ang *bunakan* ay tumutukoy sa ano mang kasuotang ginamit na, dinikitan ng dumi o hindi kanais-nais na amoy at kailangan nang labhan. Sa *siday* na *paglaba*, inilarawan ng may-akda ang kaisipan ng pagiging sentimental ng mga Waray sa mga bagay-bagay at ang pagiging manimdimin at mapagpapahalaga sa mga alaalang naiwan lalo na sa lumisang mahal sa buhay. Ang paglalarawan sa kaugaliang ito ay makikita sa mga linya ng *siday*:

Samtang pinanmamalapyay ko, an magbusag-busag ko nga binunakan – nangalimwag an alimyon han imo panapton - may pag-iliw nga umalop ha akon dughan -V.Q. Oyzon

(Habang isinasampay ko, ang maputi-puting kong nilabhan - humalimuyak ang amoy ng iyong damit - may pangungulila akong naramdaman)

Sa saknong na ito, isinalaysay ng persona ng *siday* ang kaniyang pangungulila sa isang minamahal, bagamat ninais na ng persona na kalimutan ang ano mang alaala na mayroon sa dalawa sa pamamagitan ng paggamit ng metaporikal na kilos na paglaba, hindi pa rin maikakaila na kahit katulad pa ng labahang damit ang alaala ay manunumbalik at manunumbalik pa rin sa kaniya.

Medyahan (kalahating galon: kadalasang lalagyan ng tuba). Ang *medyahan* sa kontekstuwal na paglalarawan ay tumutukoy sa galon, isang sisidlan na may sukat na kalahati. Sa konteksto ng lipunang Waray, kadalasan itong ginagamit bilang lalagyan o sisidlan ng *tuba*, na isa sa mga pangunahing produktong agrikultural ng Samar at Leyte.

Sa *siday* na *An Maupay ha mga Waray*, ginamit ng may-akda ang salitang *medyahan* upang ilarawan ang isa sa mga katangiang Waray hinggil sa pagkahilig sa inuman. Bagama't maaaring isang nakagigiliw na gawi, sapagkat ito ay nagpapatibay ng sosyal na pakikipag-ugnayan, ang simbolismong ito ay nauugnay din sa isa sa mga kaugaliang Waray hinggil sa pagiging "pungut" o madaling magalit, at pagkakaroon ng maiksing pasensiya. Kagaya ng medyahan na limitado at/o kaunti lamang ang laman, ganito rin inilarawan ng may-akda ang pasensiya ng mga Waray, bagay na maaaring maugat mula sa palasak na estereotipo sa mga Waray – ang pagiging matapang. Sa kabilang dako, ang representasyong ito ay maiuugnay din sa karaniwang gawi hindi lamang sa mga Waray kung hindi maging sa kabuoan ng lipunang Pilipino, na karaniwan nang ginagawa ang pag-inom kapag may pinagdadaanan at/o problema ang sino man. Makikita sa mga linya ng *siday*:

Di ak nagpipinuyangko, Kay inin kasingkasing kun hubas – Tinaro-tangwayan, Ngan pagtinagay-tagayan; Kun puno – binaru-basyahan, Ngan pagtinagay-tagayan, Tubtob nga magsul-ay, Manlunay ngan mangayat hin away, Ngan ha prisinto hurunan, Upod han hubas nga medyahan, Hindi ako namomroblema -V.Q. Oyzon

(Dahil itong puso kung tuyo–iniinuman, at tinatagay-tagayan, Kung puno – binabawas-bawasan, at pagtatagay-tagayan, Hangang sa mag-umapaw, mahiga at maghamon ng away, at sa kalungan matulog, Kasama ang tuyong medyahan)

Dito ay ipinakita ng may-akda ang karaniwang senaryo hinggil sa katangiang tinukoy ng simbolismong

kinakatawan ng salitang *medyahan*. Sa paglalahad ng persona ng *siday*, mahihinuhang kapag maluwa sa pagpapasensiya ang persona ay naaabuso ito bagay na hindi maganda at akma sa pamantayang moral ng persona. Bilang dagdag, kapag ang pasensiya ng persona ay umapaw na kagaya ng nag-umapaw na *medyahan*, ay doon nagsisimula ang pagpuyos ng damdamin na humahantong sa away at mas malala, sa kalungan. Inilarawan ito sa mga linyang:

*Tubtob nga magsul-ay, Manlunay ngan mangayat hin away, Ngan ha prisinto hurunan, Upod
han hubas nga medyahan* -V.Q. Oyzon

*(Hangang sa mag-umapaw, mahiga at maghamon ng away, at sa kalungan matulog, kasama ang
tuyong medyahan)*

Paaliday (mga kuwento/kasabihan). Ang *paaliday* sa konteksto ng paggamit sa *siday* na “*Nakausa*” ay tumutukoy sa sitwasyong pangkomunikasyon hinggil sa paggamit ng matalinghangang pananalita sa paghahatid ng mga mensahe o pagpapahayag. Ang *paaliday* ay isang uri ng komunikasyon na kung saan ay ginamit ng tagapagsalita ang mga natatanging pangyayari o sitwasyon sa nakaraan upang magbigay ng kaisipan sa pagkintal sa mga aral ng nakaraan na maaring magamit sa kalusukuyang sitwasyon ng komunikasyon.

Sa *siday* na ito, ginamit ang salitang *paaliday* bilang simbolismo sa isa mga natatanging paraan ng mga *Waray* sa pakikipag-usap o paghahatid ng mga kaisipan gamit ang mga pangyayaring maaaring kathang-isip o katotohanan upang magbigay ng aral sa sino mang kasangkot sa proseso ng komunikasyon. Sa akdang ito, inilahad ng persona ng *siday* ang mga sitwasyong pangnakaraan upang ilarawan at/o ihambing sa kasalukuyang kalagayan. Ginamit ng persona ang pananalitang ito upang ipakita na sa kabila ng modernisasyong naganap sa lipunang kinabibilangan, nanatili ang mga tradisyonal na gawi na maaaring ihalintulad pa rin sa kasalukuyan. Isang paraan ito ng paglalarawan na ang ano mang pagbabago sa lipunan, mga pagbabagong maaaring nagpadali sa pamumuhay ng lipunan, ang nakagawiang mga praktika ay mahalagang lundayan pa rin sa pag-unawa sa kasaysayan at pagpapahalagang kultural sa kasalukuyan. Makikita sa mga linya ng *siday* ang ilan sa mga paglalarawang ito:

*Nakausa, dida han akon panhayhay, han mga naglabay, ha balay ako naghingaday bahin hin
mga paaliday: Hi Timothy nagtaklos han umal. nga laong “Magtitiak hin sungo” Intoy, kay may
gas pa man.* -V.Q. Oyzon

*Isang araw, sa aking pagbabalik-tanaw sa mga nakaraan, ay nasambit ko ang ilan sa mga
kuwento sa bahay, Itinali ni Timothy ang kinakalawang na bolo, sa kanyang tagiliran
“Magsisibak ng kahoy.” Intoy, may gas pa naman*

Makikita sa mga linya ng *siday* ang pagsasalaysay ng persona hinggil sa isang sitwasyon na naglalarawan sa pagbabago ng panahon dulot ng modernisasyon. Dito ay mahihinuha na sa kabila ng makabagong pamumuhay ay nanatili sa karakter ng *siday* ang mga gawing pangnakaraan kagaya ng pagsisibak ng kahoy at paggamit nito na panggatong sa pagluluto sa halip na sa mas madaling paraan sa pamamagitan ng paggamit na ng kalan o *burner stove*. Ang katangiang ito ay nanatili pa rin sa lipunang *Waray* kahit pa na binalot na ng napakaraming makabagong kagamitan at pamamaraan ang mga bagay-bagay sa lipunan. Bagay na pinagtibay sa binanggit ng Department of Tourism (2021) na maraming tao pa rin sa Samar at Silangang Leyte ang nagpapanatili ng kanilang mga gawi, paniniwala at sa kanilang mga yamang kultural kagaya ng mga kuwentong-bayan at alamat mula pa noon. Sa *siday* na ito ay ipinakita na ang mga *Waray* ay nanatili pa rin sa ugat ng kanilang mga tradisyon.

Langsa (lansa) at Lusak (putik). Ang paggamit ng mga salitang *langsa* at *lusak* sa *siday* na “*Nakausa*” ay paraan ng may-akda upang ilarawan ang mga pangunahing hanapbuhay ng mga *Waray*. Ang mga Isla ng Samar at Leyte ay parehong napapalibutan ng karagatan at sagana sa mapagkukunang agrikultural kagaya ng saging, tubo, abaca, at niyog. Humigit-kumulang isang-katlo ng lalawigan ng Leyte ay 'kabundukan' at inuri ayon sa

pamahalaan bilang *forestland*. Ang lupang pang-agrikultura ay ang pangunahing *asset* na magagamit upang matiyak ang kabuhayan ng karamihan sa mga Waray sapagkat kakaunti ang mga pagkakataon para kumita nang hindi pagsasaka (De los Angeles, 2000). Samantala, ang mga isla naman ng Samar ang isa sa mga pinakapangunahing lugar ng pangingsda na may masaganang *pelagic at demersal fishery resources* (Ramiscal et al., nd).

Subalit sa paglalarawan sa *siday* ang ganitong kalagayang pangkabuhayan ay hindi umaayon sa kagustuhan ng *persona* ng *siday*. Ang pagnanais na mapaunlad ang kabuhayan ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit marami sa mga Waray ang nangingibang-bayan at naghahanap ng iba pang oportunidad upang makawala sa nakasanayang paraan ng pamumuhay: Ayon pa sa paglalarawan sa *siday*:

“Na diri ak hin langsa” “Na diri ak hin lusak”

-V.Q. Oyzon

(“Ayoko ko ng lansa” “Ayoko ko ng putik”

Ang ganitong kaisipan ay palasak sa mga Waray dahil na rin sa kakulangan sa mga mapagkukunan at kakulangan sa akses. Karamihan sa mga lugar sa mga rural na pook ay nanatili ang kawalan ng sibilisadong pamumuhay at umaasa lamang sa pangingsda at pagsasaka. Dagdag pa, ang pagkamuhing ng *persona* ng *siday* sa *langsa* at *lusak* ay mauugat sa kahirapang nararanasan ng rehiyon. Sa Datos ng Philippine Statistics Authority ([PSA], 2019), tatlo (3) sa bawat sampung (10) pamilya sa Samar at Leyte ay nasa *poverty line*. Ibig sabihin, ang kinakailangang minimum na kita upang matugunan ang mga pangangailangan ay hindi nakakamit. Halos isang-katlo ng populasyon sa Silangang Visayas ay nakasalalay sa agrikultura at pangingsdaan para sa kanilang kabuhayan. Ayon sa ACTED (2014), kinukuha ng mga pamilya ang karamihan sa kanilang kita mula sa pangingsda, pagtanim ng niyog, iba pang pagtanim sa kabundukan tulad ng saging at tubo, at ang ano mang may kaugnayan sa agrikulturang pangangalakal ay walang regular na kita upang mapanatili ang kanilang kabuhayan. Ang mga nabanggit na datos ay pagpapakita ng senaryo upang tingnan ang kilos at pag-uugali ng *persona* ng *siday* gamit ang obhektibong lente nang maunawaan ng mambabasa ang akto at mga kasangkot na pagpapasya ng *persona*.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang mga sinuring *siday* ay nagpakita ng iba't ibang simbolismo na ginamit bilang lunsaran ng may-akda sa paglalarawan ng kultura at lipunang Waray. Ang paggamit ng simbolismo batay sa paglalarawan ay kasangkapan sa pabuo ng imahen at representasyon ng ano mang kultura at lipunan na isang mabisang paraan lalo na sa konteksto ng paglalapat nito sa pagbuo ng isang akdang pampanitikan. Batay sa naging resulta ng pagsusuri, karaniwan sa pagsasakatawan sa representasyon ng lipunang Waray sa kabuoan ay nauugnay sa mga materyal, di-materyal na kultura at/o katangian na mayroon ang mga Waray. Ilan sa mga ito ay ang *tuba*, *banig*, *lansa*, *lusak*, at *aminudo*. Ang mga nabanggit na salita ay ilan lamang sa mga simbolismong ginamit sa mga akda na representasyon ng parehong materyal at di-materyal na kultura ng mga Waray. Ganoon din, naging karaniwan sa mga *siday* ang paggamit ng paglalarawan sa mga katangian ng mga Waray kagaya ng “dagko an boses” na madalas na iniugnay sa estereotipong pagtingin sa mga Waray hinggil sa pagiging *maisog* (matapang) ng mga ito.

Kaya naman, mariing iminungkahi ng pag-aaral ang pagsipat sa mga lokal na materyal kagaya ng *siday* at iba pang *genre* ng panitikan bilang kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Ang paggamit sa mga materyal na ito ay isang paraan ng pagpapayaman ng panitikan, at pagpapalawak sa arena ng literaturang panrehiyon sa diskursong akademiko. Ang paggamit sa mga ito bilang lokalisdong materyal ay hindi lamang tugon sa kahingian ng kurikulum kaugnay sa kontekstuwalisasyon kung hindi higit sa lahat ay sa pagtataguyod ng edukasyon malay sa konteksto ng lipunang Pilipino. Naiaangat nito ang kakulangan sa kamalayang lokal at rehiyonal at napipigilan ang patuloy na paglawak ng impluwensiya ng banyagang kultura sa mga Pilipino.

6. Sanggunian

- ACTED. (2014). *Food security and livelihoods assessment report: Leyte and Eastern Samar, Philippines*.
<https://tinyurl.com/yvwp6rpd>
- Amat, A. B. (2020). Translation and cultural analysis of the epic “Datu Somangga and Bubu of Huamianun” of Francisco I. Alzina. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(8), 1-14.
<https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5901>
- Balderian, A. L. & Largo, R. C. (2021). Pagdalumat ng mga nagwaging piling siday sa Leyte at Samar. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development (APJMSD)*, 9 (2), 23-30.
- Campananes, O. (2009). *Filipinos in the United States and their literature of exile. In Book: A Comparison to Asian American studies*. <http://dx.doi.org/10.1002/9780470996928.ch18>
- Cole, N.L. (2019). *Definition of cultural relativism in sociology*. Retrieved February 25, 2020, from
<https://www.thoughtco.com/cultural-relativism-definition-3026122>
- de Cadiz, G. (2010). Waray's mistaken identity. Available at SSRN: <http://dx.doi.org/10.2139/ssrn.2485900>
- De Los Angeles, M.S. (2000). *An Assessment of natural resources management in the Philippines. A paper prepared for the World Bank Resident Mission of the Philippines*. Pasig City.
- Department of Tourism. (2021). *Leyte & Samar: Enjoy waves, caves and stunning rock formations in Samar and vast coral gardens in Leyte*. <https://itsmorefuninthephilippines.co.uk/leyte-samar/>
- Ethnic Group of the Philippines. (2021). Waray.
<http://www.ethnicgroupsofphilippines.com/ethnic-groups-in-the-philippines/waray/>
- Funtecha, H. (2009). *Globalization and Philippine nationalism: Questions and options*. BRIDGING THE GAP. Iloilo City Heywood, Andrew. 2007. Politics (3rd ed.). China: Palgrave Foundations.
- Gabornes, M. C. (2010). *Colonial mentality: A Filipino heritage*. Manila: Learning Fragments.
- Gibbs, G. (2012). *Analyzing qualitative data: The SAGE qualitative research kit*. London: SAGE Publication.
- Glenn, G. (2016). Waray. <https://idoc.pub/documents/waray-546g0wmq9n8>
- Go, C. O. (2016). *Kababayan-an han karak-an (women of storm surges): A feminist ethnographic research on Waray women survivors of super typhoon Yolanda* (Doctoral dissertation, University of British Columbia). <https://open.library.ubc.ca/media/stream/pdf/24/1.0228624/4>
- Hosoda, N. (2019). Connected through 'Luck': Samarnon migrants in Metro Manila and the home village. *Journal of Philippine Studies*, 56 (3),
<https://search.informit.org/doi/10.3316/informit.415248118483276>
- Lezama, M. (2019). *Filipino traits that foreigners may find funny, peculiar, and adorable*.
<https://www.beholdphilippines.com/filipino-traits-that-foreigners-find-funny-peculiar-and-adorable/>
- Lim, D. (2014). *Kulturang Pilipino-ang daanan ng pag-unlad*. <https://rb.gy/kfnbqt>
- Lora, M. B. (2019). An Waray: Alunan, M., Badulid, A. & Mercurio, P. (Eds.). Tacloban City: Katig Publications.
- Lou, A. (2019). *What is content analysis and how can you use it in your research?*
<https://www.scribbr.com/methodology/content-analysis/>
- Nelson, B. (2021). *10 Rude manners that are actually polite in other countries*. Reader’s Digest Canada.
<https://www.readersdigest.ca/travel/world/rude-manners-polite-countries/>
- Nibalvos, I. M. (2018). Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar (Filipino Values in Selected Siday of San Julian, Eastern Samar). *Scientia-The International Journal on the Liberal Arts*, 7(2), 116-137. <https://doi.org/10.57106/scientia.v7i2.93>
- Nibalvos, I. P. (2018). An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, kasaysayan, mga isyu, at kalagayan nito sa kasalukuyan [The Poems of Samarnons and Leytenhons: Its Identity, History, Issues, and Situation at Present]. *Malay Journal*, 31 (1), 55-67.
- Nibalvos, I. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbuo ng literaturang pambansa. *Malay Journal*, 32 (1), 99-114.
- Oyzon, V. Q. (2018). *An maupay ha mga Waray ug iba pa nga mga siday*. Manila: National Commission for Culture and the Arts. Print

- Pagliawan, D. (2015). *Kuraramag: Mga siday ngan haglipot nga susumaton* (2nd Ed). Literary and Visual Arts Services. San Jose, Tacloban City 6500.
- Philippine Cocunut Authority (PCA). (2019). *Tuba whips up Waray energy*. Department of Agriculture. <https://pca.gov.ph/2-uncategorised/174-tuba-whips-up-waray-energy>
- Phillips, A & Reus-Smit, C. (2020). *Culture and order in world politics*. Cambridge University Press. <http://dx.doi.org/10.1017/9781108754613>
- Ramiscal, R., Dickson, J., Lamara, N., Efren V., H., & Romero, R. (n.d.). *Socio-economi study of trawl fisheries In Samar Sea, Philippines*. Training Depart, Southeast Asian Fisheries Development Center.
- Royeca, J. E. (2010). *Why is the Philippines a poor country?* Philippine Studies.
- Santos, T. (2013). 'Di wala ang panitikang Waray. <https://tinyurl.com/w6m2yvad>
- Silla, K. E. (2008). *Waray ini*. <https://www.Ericysilla.wordpress.com//waray-ini>
- Sugbo, V.N. (2008). *Inintokan*. Quezon City: The University of the Philippines Press, c2008.
- Taylan, R. T., Petras, J. D. & Geronimo, J. V. (2019). *Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino*. Rex Bookstore: Manila, Philippines.
- Tenasas, Ma. R. I. (2020). The oral aurality of the radio Waray siday. *Kritika kultura*, 35 (2020), 118–153. <http://dx.doi.org/10.13185/KK2020.03507>
- Tenasas, Ma. R. I. (2021, September 17). *Intellectual scarcity in the locality: Philippine studies and teacher education in the region*. Two webinars on Filipino knowledge production. National Research Council of the Philippines. shorturl.at/nAWYZ
- Uy, C. E. C. (2021). *Analyzing the depictions of queer struggles in selected Asian BL series*. 3rd DLSU Research Congress (Conference). <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2021/10/Media-and-Philippine-Studies.pdf>
- Vygotsky, L. (1978). *Socioculturalism theory*. <https://www.gowriensw.com.au/thought-leadership/vygotsky-theory>

